

# 1

Dumiin ang hawak ni Jenny sa tasa ng kape na para bang doon nakasalalay ang buhay niya.

“No!” sabi niya pero tila kulang na sa conviction iyon kaysa sa una niyang pagkakasabi nito. “Mommy, bakit naman naisip ni Lolo Gener na gawin ito? My God, this is absolutely insane!” Ang Lolo Gener na binanggit niya ay si Don Generoso Villarica, ang kanyang abuelo.

Nginitian lang siya ng mommy niyang si Mrs. Clotilda Villarica-Sarte in her usual detached manner. “Jenny, can you stop being melodramatic?”

Tumayo siya. “Ako, melodramatic? I’m twenty-four years old and this is the twenty-first century.” Umupo ulit siya sa sofa. “Mom, wala nang taong gumagawa ng ganitong bagay! Kung mayroon pa man, malamang maging melodramatic ako.”

Ibinaba nito ang hawak na newspaper. “Hay naku, Jennifer! The way I see it, puwede mo namang hindi gawin ang bilin ng lolo mo.”

“And then what? Kapag hindi ko sinunod ang last will ni Lolo, mawawala na sa atin ang *Alcava Island*.”

You know I can't let that happen."

Ang tinukoy niya ay isang maliit na islang pag-aari ng kanilang pamilya. Mula pa noong maliit siya, ito na ang itinuturing niyang pinakamagandang lugar sa buong mundo. Habang lumalaki siya, nanatili itong personal paradise niya. Ipinangako sa kanya ng abuelo na balang araw ay magiging kanya ang islang iyon. Sa palagay niya mula pa naman noon, iyon ang tanging pag-aari niya na tanging hindi mawawala. It was also the only real home she had.

Nagbuntong-hininga si Jennifer. Her grandfather knew that she would do anything to keep that island. Bahagyang nagliwanag ang mukha niya nang may maisip siya. "Wala namang sinabi sa last will ni Lolo na kailangan kaming maging mag-asawa habang-buhay, right?"

May pagdududa sa tinging ibinato sa kanya ng ina. "Well, sinabi niya ay kasal at ang kasal ay panghabang-buhay."

"Oh, Mom! Now *you* are being melodramatic," alboroto niya. "Please help me out here. You are a lawyer. Di ba walang nakalagay sa will na kailangan naming manatiling kasal habang-buhay? Tama ang iniisip ko, right? Puwede kong pakasalan si Joshua and then file an annulment or a divorce later on and

I will still get to keep *Alcava*, right?”

Umiling ito. “Well, may stipulation sa testamento na ililipat lang sa pangalan mo ang properties pagkaraan ng dalawang taon n’yong kasal.”

Inubos niya ang kape sa tasa. “I’m only twenty-four. I don’t even have a boyfriend. Kaya kong maghintay ng dalawang taon,” she said finally.

“Ano pa’ng kailangan mong malaman sa akin, eh, mukhang napag-isipan mo na itong lahat, Jennifer?”

Tumango siya. A smile was already forming on her lips pero nagpatuloy ang ginang.

“May isa ka pang problema.”

Bumagsak ang panga ni Jenny, bigla siyang kinabahan. “What?”

“You are assuming na ang issues lang dito ay ang legality ng pagpapakasal at paghihiwalay, pero naisip mo na ba kung paano kung hindi pumayag si Joshua De Arguello na pakasalan ka?”

---

Napakalaki niyang tanga para isiping kaya niya itong gawin! Nakaupo si Jenny sa waiting room ng opisina ni Joshua De Arguello. May appointment

*Marry Me Tonight - Carla Giopaolo*

---

siya pero napaaga siya ng dating at may iba pa itong kausap kaya pinaghihintay siya. At habang naghihintay siya, she was feeling more and more foolish by the minute.

Hindi talaga niya maintindihan kung bakit ginusto ng lolo niya na magpakasal sila ng lalaking ito gayong isang beses pa lamang sila nagkita. At ang kanilang pagkakakilala ay isang okasyon na ayaw na sana niyang maalala.

They met four years ago. Inauguration iyon ng building na kinaroroonan niya ngayon. Kabilang ang kanyang abuelo sa may pinakamalaking investment doon....

*Mainit na mainit ang ulo ni Jenny nang gabing iyon dahil hindi siya sinipot ng lecheng date niya.*

*Usapan nilang susunduin siya nito sa college dorm kaya hindi na siya nagpasundo sa family driver nila. She was all dressed up and ready to go. Naghintay siya sa lobby ng dorm, pero mahigit isang oras na ay hindi pa dumarating ang kanyang date kaya kinailangan na niyang mag-taxi.*

*Ang higit na nakakainis sa lahat, dahil sa tagal ng paghihintay niya sa pagdating ng buwisit na date ay hindi siya umabot sa formal opening ceremonies*

ng building. Hindi niya tuloy mahanap ang kanyang lolo pagdating niya roon. Hindi naman siya kaagad makaalis sa lugar na iyon dahil baka magalit ang matanda at aakalaing hindi siya dumating.

Dahil walang ibang mapuntahan at wala rin namang ibang makausap ay lumapit siya sa bar sa isang dulo ng malaking venue. Pinili niya ang puwesto na iyon dahil walang gasinong tao. Inabutan niya na may kausap sa telepono ang bartender nang lumapit siya. Pagkababa ng aparato ay tumingin ito sa kanya.

Pinigil niya ang sarili na tumingin sa itaas at magsabing, 'Thank God for handsome bartenders.' Kahit siguro anong init ng ulo, mawawala kapag ganito kaguwapo ang kaharap.

He must be in his mid to late twenties, nakaputing polo na nakabukas ang ilang butones at naka-roll up ang sleeves.

Nginitian niya ito nang matamis. "I'll have a glass of red wine, please," order niya dahil red wine pa lang ang alak na alam niyang inumin noon.

Bahagya siyang pinag-aralan nito. "How old are you?"

She raised her chin in defiance. "Why do you have to know?"

*“You don’t look old enough to drink.”*

*Guwapo sana kaya lang antipatiko. “I turned twenty last month, if you must know. Besides, my lolo owns this building kaya you should be nice to me.”*

*“Really?” sabi ng lalaki pero kita sa expression sa mukha nito na nakilala siya. He looked more closely at her.*

*Na-conscious tuloy siya. “Well, actually, Lolo Gener partially owns this building but still—”*

*“Oh, yes. I should have recognized you, Miss Villarica.” Naglabas ito ng kopita at kumuha ng isang bote ng red wine saka nagsalin. “Here.”*

*“Thank you!” Kinuha niya ang kopita at inubos ang laman niyon sa isang inuman.*

*“Wow!” sabi nito na halatang nabigla sa kanyang ginawa.*

*Ibinaba niya ang wine glass sa bar counter. “One more,” hiling niya.*

*“Are you sure?”*

*“Yeah, I’m sure.”*

*“Okay,” anito. “If you wish.” Ni-refill nito ang baso niya. “Drink slowly. Madali kang malalasing*

*kapag ganyan ka kabilis uminom. Hindi mo lang agad mararamdaman—”*

*“Eh, gusto ko ngang malasing.”*

*Kumunot ang noo nito. “Bakit naman?”*

*“Kasi I am having the absolute worst day of my life.” Patuloy ang pag-inom ni Jenny habang ikinukuwento sa bartender ang nangyari sa araw niya. Tinapos niya ang istorya sa pagsasabi ng, “Imagine that jerk had the nerve to stand me up.”*

*“Yeah, I won’t do that if I ever get a chance to date you.” May kapilyuhan ang ngiti nito sa kanya.*

*“Seriously,” sabi niya. “More wine, please.”*

*Ininom niya ang pangatlong baso ng alak.*

*“Tapos puro matanda pa ang tao rito. And I mean, absolutely geriatrics, ha.”*

*“Hindi naman lahat,” kontra nito.*

*“Ay, oo nga naman, may mga bata rin. Pero ‘yung hindi matatanda, super boring and stuffy businessmen naman, I’m so sure. Kilala ko ang mga taong gusto ni Lolo, the people he surrounds himself with. For instance, his new partner... that Joshua De Arguello. Sinabi ni Lolo Gener na chickboy daw ‘yun, pero I can’t imagine*

*kung ano'ng makikita ng mga girls sa lalaking 'yun, eh, I'm sure he's just another business nerd from a very long line of business nerds." Iniabot niya rito ang baso.*

*Sinalinan nito ulit iyon. "Paano mo nasabi iyon?"*

*Nagkibit-balikat siya. "Iyang lolo ko, sobrang bilib d'un. Hindi ko naman maintindihan kung bakit kasi kapag nagkukuwento si Lolo ng mga great business ideas na galing raw kay Joshua, nakakatulog ako sa first sentence pa lang. Ang feeling ko, Joshua De Arguello must be the oldest twenty-seven-year-old man alive to have all those ideas that are great enough to impress my grandfather. And I tell you, he is a hard man to impress."*

*Tumangu-tango ang kausap niya. "I see. Pero kung nerd siya, paano nasabi ng lolo mo na chickboy siya? Di ibig sabihin maraming mga babae ang nagkakagusto sa kanya."*

*"Hello? Ang yaman kaya noon. I'm sure, maraming magkakandarapa doon with all his money. Ano naman ang magugustuhan ng mga girls doon aside from that, 'yung business theories niya? Like, duh?"*

*"Sabagay, you're probably right," sang-ayon nito. "Tkaw? Sa palagay mo magugustuhan mo si Joshua?"*

*"No way," sabi niyang umiling-iling pa.*

*“Ows, kahit marami siyang pera?”*

*Tigas ang iling niya. “Nope.”*

*“Bakit naman?”*

*“Ayoko ng businessman.”*

*“Dahil...?”*

*Seryoso kay Jenny ang issue na ito kahit wala pa siyang napagsabihan ng tungkol dito. “Alam mo ba, namatay na at lahat ang daddy ko pero parang hindi ko siya nakilala. Ang earliest memories ko yata sa kanya ay ang likuran ng paalis na kotse sa umaga dahil iyon lang ang naaabutan ko sa kanya kapag nagiging ako. Kabisadong-kabisado ko pa ang plate number ng kotse niya hanggang ngayon. As far as I can remember, he was always away on business trips.*

*“Si Lolo Gener, n’ung buhay pa si Daddy, we had a little chance to be close. But when Daddy died, parang I lost my lolo na rin kasi kailangan niyang bumalik sa business to take over my dad’s position again. Tingnan mo na lang ngayon, I’m here and no one even had time to wait for me. Nakalimutan na yata ni Lolo na darating ako.”* Ininom niya ang natitirang alak sa baso.

*“I see,” he said while looking at her thoughtfully.*

*“So kapag nag-asawa ako, I’m gonna make sure*

*na may oras sa akin ang magiging asawa ko. Kasi--”*

*Napigil siya sa pagsasalita nang biglang may lumapit na isa pang lalaki. Napakurap siya dahil napansin niya ang suot nito. Then she realized na may uniporme ang bartenders sa party na ito. At ang suot ng bagong dating ay ang tunay na uniporme ng isang bartender. Hindi katulad ng suot ng nagsisilbi sa kanya.*

*Nagsalita ang lalaki, “Sir, ano po’ng ginagawa n’yo rito?”*

*Siya ang naunang nagsalita. “Wait a minute. Sir ka? Hindi ka bartender?” tanong niya sa lalaking kanina pa niya kausap. “Ano’ng ginagawa mo dito sa bar?”*

*Ang bartender ang sumagot. “Service bar lang po ito, lagayan ng stocks namin. Doon po sa kabilang side ang open.”*

*Napanganga si Jenny, napatingin sa lalaking inakala niyang bartender. Realization sank in. Kaya pala kanina pa sila nag-uusap ay wala pa ring ibang tao na nagagawi sa area nila. “Eh, bakit ka nandito?” usisa niya.*

*“Uhm... I had to make a phone call. Maingay doon sa kabila,” tugon nito.*

*“Who are you?”*

*“I’m Joshua De Arguello, nerd, chickboy and businessman,” nakangiting sabi nito.*

*Nahilo ang dalaga nang makilala kung sino ang kanina pa niyang kausap, parang biglang umepekto ang kung ilang baso ng alak na ininom niya.*

*“Oh, my God!” Jenny! You don’t deserve to live, sabi niya sa sarili. Kahit lasing siya, alam niyang nakakahiya siya. And that was before she started throwing up....*

*Pagkatapos, ngayon ay naghihintay siya kay Joshua—para mag-propose ng kasal! Hindi niya ito kayang gawin!*

*Umakma na siyang tatayo para umalis nang magbukas ang pinto ng main office ng binata at naglabasan ang ilang tao mula roon. Kasama sa mga lumabas ang familiar figure ni Joshua. He looked more handsome and much taller than she remembered. Ganoon ba talaga kaganda ang mga mata nito? Ganoon katangos ang ilong? Ganoon katikas ang pangangatawan? Ganoon kakinis ang morenong balat?*

*Jenny, stop! sita niya sa sarili.*

Huminto ito nang mapansin siya pero muling ibinaling ang atensyon sa mga naunang bisita para magpaalam. She was trapped. Hindi na siya puwedeng umalis ngayon. Nginitian niya ito nang alanganin at naghintay until she had his full attention.

“Jennifer, right?”

“We’ve met,” paalala niya kahit labag sa kalooban.

“Yeah, I remember.” His eyes seemed to spark with something suspiciously like laughter dahil siguro sa alaala nito kung paano sila nagkakilala, pero hindi ito nagkomento tungkol doon. “Come in.” Binuksan nito nang mas malaki ang pinto ng private office nito para paraanin siya.

“Thank you,” sabi niya.

Pinaupo siya ng binata sa bakanteng upuan sa harapan ng desk nito bago umupo sa tapat niya. “What can I do for you?”

Tumikhim muna si Jenny. Kung sana ay nakaalis na siya bago ito lumabas ng silid, hindi sila magkakaharap ngayon. At hindi sana niya gustong mahimatay dahil sa klase ng pagkakatingin nito sa kanya. But she was here and she would look more stupid kung hindi siya magsasalita.

“Ah,” simula niya, “I have a business proposal for you.”

“All right.” Sumandal ito sa upuan, senyales na handa itong makinig sa sasabihin niya.

“Marry me,” mabilis na sabi niya bago pa siya takasan ng lakas ng loob.

Napuno ang silid ng tunog ng tawa ni Joshua. “That doesn’t sound like a business proposal.”

Tumayo si Jenny dahil hindi na niya kayang manatiling nakaupo. “Look, pareho tayong may gusto mula sa mga naiwan ni Lolo Gener. Gusto mong bilhin ang majority shares sa corporation na ito at ako naman ay gusto kong maging akin ang *Alcava Island*. The thing is, pareho nating hindi makukuha iyon kung hindi natin susundin ang gusto ni Lolo. Kahit may money ka pa, hindi ibebenta sa iyo ng mga lawyers ang share niya rito unless magpakasal tayo.”

“And?”

Hindi pinapadali ng binata ang kalagayan niya sa pag-akto nito ng parang walang masyadong interes sa kalalabasan ng sitwasyon nila.

Napakagat-labi siya. “And so, I am proposing that we get married. This will just be a business

arrangement. Kailangan lang nating magsama and that's not even literally magkasama; we just have to stay married for two years and we will both get what we want.”

“I see.” Sa hitsura ng kausap, either hindi nito nakikita ang punto niya o hindi lang talaga ito interesado.

“Look, Joshua, kapag napasaiyo ang shares namin sa corporation, you automatically get full control. Mabilis lang naman matatapos ang dalawang taon...”

“And you will get to keep your precious island,” pagpapatuloy nito.

“Well, yeah,” sang-ayon niya.

“Hindi mo ba naisip na napag-isipan ko na rin ang sinasabi mo?”

The fact na ginawa na nitong isipin iyon dawned on her. “And still, tumanggi ka na magpakasal sa akin?”

Tumango ito. “Yes, I believe that's what I did.”

“Look, naiintindihan ko kung ayaw mo akong pakasalan, considering what happened noong una tayong magkita.” Lumunok siya. Ang pakiramdam

niya, kasama ang kanyang pride sa nilunok niya. But desperate times call for desperate measures. “Puwede ka bang mag-reconsider?”

Dumerecho ng upo si Joshua. His face grew serious. “Listen, Jenny, mahaba rin ang pinagsamahan namin ni Tito Gener,” sabi nito gamit ang pamilyar na tawag nito sa lolo niya. “Kilala niya ako. And for the life of me, hindi ko maintindihan kung bakit gusto niya tayong ipakasal. For one, I am seven years older than you. Pangalawa, sa pagkakaalam ko, ni hindi niya alam na magkakilala na tayo.”

“You’re right,” sang-ayon ng dalaga. Hindi siya kailanman nagkaroon ng pagkakataon na ikuwento sa lolo niya iyong pagtatagpo nila ni Joshua noong gabi ng launch.

“Whatever his reasons were, I’m sure he thought I won’t be able to disregard his wishes dahil alam niya kung gaano kahalaga sa akin ang kompanyang ito. And he assumed correctly. Kung hindi mo pa alam, kami ang original owner ng kompanya. My dad sold most of our shares.” Bahagyang dumilim ang mukha nito nang banggitin ang ama pero kaagad ding nawala ang expression na iyon.

Itinuloy nito ang sinasabi, “The only reason why I got back a sizeable enough percentage ay dahil

paunti-unti kong binibili lahat ng shares na lumalabas sa stock market. At ang one-third ng shares na nasa pamilya n'yo ang pinakamalaking interest ko—”

Sumingit siya, “It’s within your grasp already. I don’t care about those shares. Kapag pinakasalan mo ako, you will get them all. Alam ko, hindi masyadong maganda ang circumstances ng pagkakakilala natin pero—”

Sa pagkakataong ito, ang binata naman ang nag-interrupt. “Jenny, it’s not you. As I was saying, matalino ang lolo mo. Alam niyang gagawin ko ang lahat for the corporation. Pero may isang importanteng bagay tungkol sa akin na hindi niya alam.”

Kumunot ang kanyang noo. “Ano ‘yon?”

“I am engaged to be married. In fact, wala pang one month when I proposed to my girlfriend.”

“Really?” Napaupo siya ulit pagkarinig sa sinabi nito.

Tumango ito. “Yes.”

“Won’t you at least reconsider? Dalawang taon lang naman tayo mananatiling kasal and after that, we’re free.”

Natawa ito. “Please tell me that you are not

seriously asking me to postpone my marriage para pakasalan ka?”

Hindi kaagad nakapagsalita si Jenny. Sumubsob siya sa mga palad. She was really desperate to own her beloved *Alcava Island*, pero dahil hindi na malaya ang binata....

“Jenny, are you all right?”

Umiling siya habang nakasubsob pa rin sa mga palad.

“Jen,” narinig niya ulit ang boses nito, may pag-aalala na roon.

Hindi na niya alintana ang nangingilid na luha niya nang tumunghay siya para humarap sa binata at makiusap. “Please, all I’m asking is two years. I swear, it will be an entirely business arrangement. Joshua, please, kapag pumayag kang pakasalan ako, I promise you na one day kapag ikaw naman ang nangailangan ng favor mula sa akin, kahit ano, pagbibigyan din kita.”

“Ganito kaimportante sa iyo ang islang ito?”

Tumango siya.

Tumahimik si Joshua, anyong malalim ang iniisip habang nakatitig sa kanya. Finally ay nagsalita ito,

“Can I at least think this over?”

For the first time mula nang unghatin niya ang tungkol sa kanilang pagpapakasal, ngumiti siya.

---

“What?” mataas ang boses na sabi ng girlfriend ni Joshua na si Rina. Napatayo ito nang sinabi ng binata ang balak gawin. At understandable ang reaction nito. Kasalukuyan silang nasa sala ng condo unit ng babae. “Why are you doing this? You told me na wala kang intensyong sundin ang gusto ng matandang iyon. Sinabi mong makakahanap ka pa ng ibang paraan to get the shares. Why the sudden change of mind?”

“I thought it over again pagkatapos naming magkita ni Jenny. Tama siya, maiksi lang ang dalawang taon and don’t you think na it’s such a little compromise to make para makuha ko ang gusto ko?” aniya na nakatingala sa babae.

Umiling-iling ito. “Hindi kita maintindihan. Akala ko ba napagdesisyunan mo na ito? It’s so not like you na magpabago-bago ng isip, Joshua.”

Tama ito. He was a one-track-minded kind of guy. He made wise decisions and he always, always stood by them.

“Naisip ko lang, we can treat it as simply just another business arrangement, a two-year contract. Wala namang mawawala sa akin and in fact, I will benefit from it kung tutulungan ko ang babaeng ito to get what she wants especially that she wants it too much. You should have seen her. She looks really sad and it seems to me that owning this island will make her happy,” katuwiran niya.

Tiningnan siya nang masama ng kasintahan. “And since when have you considered other people’s happiness in your *business arrangements*?”

Tumayo ang binata at inakbayan ang fiancée. “It’s nothing like that,” defensive na tugon niya. “As I have said, this is a good business deal. Honey, it makes a lot of sense to do this. This is what you call a win-win situation. Surely we can wait two years para magpakasal since wala pa rin naman talaga tayong set na plans kung kailan tayo magpapakasal.”

Nagmamaktol pa rin si Rina. Matagal na rin kasi niyang pino-postpone ang pagpapalano ng kasal na ito.

“Ewan ko lang pero I have a very bad feeling about this,” sabi ng babae, pero halata sa body language nito na natanggap na ang desisyon niya.

## 2

Sa Hong Kong sila nagpakasal ni Jenny dahil legal ang divorce doon. Civil wedding lamang ang seremonya para hindi nila kailangang kumuha na church annulment after two years. Ni hindi na ito sinamahan ng ina dahil busy raw iyon at hindi naman totoo ang kasal.

Pero may isa pang sorpresang naghihintay sa kanila—isang *regalo* na dala ng abogado ni Lolo Gener na ibinigay lamang matapos ang kasal—papeles iyon ng isang house and lot sa *Corinthian Gardens*.

Ayon kay Atty. Narciso Policarpio, kailangan nilang doon tumira ngayong kasal na sila. Fully furnished na ang bahay at may house staff na rin.

Nagkatinginan ang mag-asawa. Mali sila sa pag-aakalang maiisahan nila ang lolo ni Jenny sa pamamagitan ng pagkakasundo na hindi magsama pagkatapos ng kasal. Isa itong matalino at successful na negosyante kaya malamang ay naisip na rin nito ang naisip nila. Iyon ang dahilan sa dalawang taong waiting period, at ngayon ay ang bahay na ito kung saan kailangan silang magsama.

Ang masaklap doon, ang house staff ang magsisilbing witnesses na nagsama talaga sila sa bahay.

Naiwan silang dalawa sa hotel room ni Jenny pagkaalis ng lawyer. Nakaupo ang babae sa gilid ng kama at si Joshua naman ay sa edge ng isang lamesa.

Ang asawa ang unang nagsalita. “Ano’ng gagawin natin?”

Kalmadong sumagot si Joshua, “The way I see it, wala naman tayong pagpipilian—either we live out the two years together o mag-divorce na tayo ngayon and forget about this deal.”

Natakot ang babae sa pangalawang option. They had gone too far to quit now. Sinabi nito kaagad ang choice. “Two years together?”

Napangiti siya. “Bakit kaya hindi ako nagtaka na iyon ang pinili mo?”

Kumunot nang bahagya ang noo nito. “Pero ikaw? How do you feel about this?”

Tiningnan niya ito habang nag-iisip. She looked so innocent sitting on the bed habang nakayakap sa unan at nakatingin sa kanya expectantly.

“Sige,” simpleng tugon niya pero hindi naitago

ang note of resignation sa tinig.

Tumayo si Jenny para lumapit sa inuupuan niya. Iniabot nito ang kanang kamay sa kanya. “Deal.”

They shook hands on the agreement. Nang matapos makipagkamay sa kanya, umupo ito sa tabi niya sa lamesa.

Siya naman ang unang nagsalita. “What now?”

“Uhm... Joshua?”

“Yes?”

“Nakarating ka na ba sa *Disneyland*?”

“Well, yeah, in Japan at saka Florida n’ung bata pa ako...” Tiningnan niya ito nang ma-realize kung bakit nito tinanong iyon.

She smiled sweetly at him. May isang araw pa sila bago bumalik ng Pilipinas at parang nakikita niya ang tumatakbo sa isip ni Jenny na gamitin ang araw na iyon para mag-explore. Hindi siya makapaniwala na wala pang nagdadala rito sa *Disneyland* gayong sigurado siyang hindi kakulangan sa pera ang dahilan.

“Hindi pa kasi ako... I mean, we were supposed to go once, kaya lang.... But if you don’t feel like it, I could always go alone.”

Tiningnan ni Joshua ang babae. Alam niya ang kadugtong sa hindi nito tinapos sabihin. Kaya lang ay hindi sila natuloy dahil masyadong busy ang mga magulang nito. Hindi niya maintindihan kung bakit everytime kasama niya si Jenny, may nararamdaman siyang sense of protectiveness dito. There was a certain vulnerability in her that always seemed to touch a chord in him.

It was the same feeling he felt nang una niya itong makilala four years ago. Estudyante pa lang ito at nagpapakalasing dahil sa hindi sinipot ng date at iniwan pa ng lolo nito sa isang party kung saan wala itong kakilala.

Inasikaso niya ito noon, inalagaan nang magsuka dahil sa kalasingan. Inihatid pa niya pauwi sa dorm na tinutuluyan nito.

It had bothered him then that she lived in a dorm gayong may malaking bahay ang mga Villarica sa isang sikat na subdivision. Ang paliwanag nito ay dahil may ibang pamilya na ang ina at sa ibang probinsya nakatira. Ang lolo naman nito ay laging wala sa bahay kaya minarapat na lang nitong mag-dorm para may kasama parati liban sa mga katulong.

Yes, kahit noong una nilang pagkakilala, she gave the impression of being so alone, another poor

little rich girl and he had that overwhelming feeling of wanting to make things right for her. In fact, ilang beses niya itong muntik nang tawagan at kumustahin. Hindi niya lang itinutuloy dahil baka kung ano ang ipakahulugan ng lolo ni Jenny kapag nalaman na kinakausap niya ang apo nito.

The same feeling of wanting to take care of her ang dahilan kung bakit parang hindi niya ito matanggihan sa mga bagay na hinihiling nito sa kanya.

He smiled at her. “We’ll go together tomorrow.”

Kulang na lang magtatalon ito sa tuwa. Parang batang hinalikan siya nito para magpasalamat.

Bahagya nga lamang siyang nabahala dahil hindi response sa halik ng bata ang naramdamanan niyang reaksiyon sa paglapat ng labi nito sa kanyang pisngi.

Kaagad siyang nagpaalam dito para magtungo sa sariling silid. Pagdating doon, natagalan bago siya makatulog. At nang sa wakas ay dalawin si Joshua ng antok, ang huli niyang naalaala ay ang ngiti sa mga labi ng kanyang bagong asawa na noon ay nasa kabilang silid.

---

Nakatayo sila sa grand entrance ng *Disneyland* nang humarap si Jenny kay Joshua.

“Thank you,” sabi niya.

“Para saan?”

“I’m just so sure this will be one of the happiest days of my life, so thank you for making it happen.”

Natawa ito. He looked down amusedly at her. “But we just got here.”

“Baka makalimutan ko mamaya, eh. So I’m saying thank you in advance.”

Sumakay sila sa train dahil ang castle ni *Mickey Mouse* ang una niyang pupuntahan.

“I’ve always wanted one of these.” Isinuot niya ang isang *Mickey Mouse* cap. “And this...” Lumipat siya sa kabilang counter para kumuha ng isa pang item ng paborito niyang *Disney* character. “And this...”

Sumusunod lang sa kanya si Joshua sa pag-iikot niya sa souvenir shop.

“Ay, this one I really, really like.” Hawak niya ang isang t-shirt na may nakasulat na *I love Mickey*, umikot siya para ipakita sa asawa pero natigilan siya nang makita ang reaksiyon sa mukha nito. “Bakit ka

tumatawa?”

Halatang pinilit nitong baguhin ang expression. “Gusto mo bang bilhin natin itong buong souvenir shop?”

Saka lang niya na-realize na sobrang dami na ng hawak niya. “Sorry, ha.”

“No, it’s okay.” Tawa pa rin ito nang tawa. “Treat ko sa iyo ito. I’ll buy you anything you want.”

*Like wedding gifts?* Kumislap ang mga mata ni Jenny pero hindi niya iyon tinanong nang malakas. “Talaga? Anything?”

“Sure.”

Ibinaba niya sa counter ang lahat ng dala. “Wait. Talaga lang, ha! You’ll buy me anything I want.” Bumalik siya sa isang shelf at kinuha ang pinakamalaking stuffed *Mickey Mouse* doll na kanina pa niya gusto.

“Oh, cool,” sabi ni Joshua nang bumalik siya sa tabi nito. “Now, kailangan na nating bumili ng extra plane ticket pauwi sa Pilipinas. Do you think aisle o window seat ang gusto ni *Mickey*?”

Siya naman ang natawa sa pagbibiro nito.

Kinailangan nilang bumalik sa rented car nila para ilagay ang lahat ng napamili niya bago bumalik sa park. Nagpakabasa sila sa *Tiki Liki* kung saan may mga fountains ng tubig na basta na lang sumisirit mula sa sahig. Nanood sila ng live musical performance ng *Lion King*. Naglibot sila sa *Storyland* at sumakay ng kung anu-anong rides. Nang mapagod ay naupo sila sa isa sa mga benches habang kumakain ng hotdog at fries.

Jenny sighed happily. Hindi niya napansin kaagad na tinititigan siya ni Joshua hanggang sa napadako rito ang tingin niya. Na-conscious tuloy siya pero nginitian niya ito.

“You’re not stuffy at all. Or nerdy... I mean, you are actually fun,” sinabi niya ang iniisip.

Ang lakas ng tawa ng lalaki. “I’m glad na tumaas na ang opinion mo tungkol sa akin,” sabi nito.

“Hmm... Joshua?”

“Yes?”

“You think you can afford to buy me ice cream?”

Muli itong natawa. “Ilang gallons ba ang kaya mong ubusin?”

Tumayo sila para pumunta sa ice cream kiosk

*Marry Me Tonight - Carla Giopaolo*

---

at pagkatapos ay naglakad ulit sa park. Tapos na ang fireworks display nang ma-realize ni Jenny na magkahawak ang kamay nila habang nanonood.

She didn't know kung kailan at sino ang naunang humawak kanino. Pero hindi siya ang unang bibitiw rito. She had just realized one thing. Masarap ang pakiramdam ng kahawak-kamay ang bago niyang *asawa*.

# 3

“Welcome home, Sir, Ma’am,” bati ng mga bago nilang kasambahay nang dumating sila sa bahay na iniregalo sa kanila ni Lolo Gener.

Home.

Ito ang bago nilang bahay. Dalawang taon titira si Jenny rito kasama ang lalaking katabi niya. Somehow, hindi na siya masyadong resistant sa idea niyon kaysa nang una niya iyong malaman.

“Naka-ready na po ang master’s bedroom,” sabi ng pinakamatanda sa mga katulong, ang dating mayordoma ng lolo niya.

“Manang Precy, hindi naman siguro kami magkasama sa isang kuwarto, di ba?” pagliliwanag niya rito.

Si Joshua ang nagsalita, “Why? Natatakot ka bang kasama ako sa isang room?”

*Magpatawa ba sa harap pa ni Manang Precy?*

Well, actually, kung siya ang masusunod, kahit hindi na sila maghiwalay ng kuwarto, puwede na rin. Pero reality check. “Baka tuluyan nang

maghuramentado ang girlfriend mo,” paalala niya.

Mukhang naalala nito ang huling usapan kasama ng fiancée dahil sumeryoso ang mukha nito. “Right.”

Magkatabi sila nang tumawag si Joshua gamit ang cellphone para sabihin kay Rina na kailangan nilang tumira sa iisang bahay. Hindi naiintindihan ni Jenny ang sinasabi nito, pero naririnig niya mula sa kinatatayuan ang boses nito at halatang hindi maganda ang sinasabi.

Nagsalita muli ang mayordoma. “Eh, hindi po kasi kami sigurado kung... kung magsasama kayo sa isang kuwarto kaya hinanda na rin po namin iyong isa pang silid. Katabi po ‘yon ng master’s bedroom, may connecting door para kung sakali at—”

Hindi na nito pinatapos sa pagsasalita ang mukhang di-komportableng kasambahay. “Sige, Manang Precy, salamat. Si Jenny na lang ang matutulog sa master’s bedroom. Gagamitin ko iyong isa.”

“Hindi na,” tanggi niya although na-appreciate niya ang thoughtfulness nito. “Mas magiging komportable ka sa bigger room. Sa iyo na ang master’s bedroom.”

“All right. It’s your call,” sabi nito sa kanya.

Humarap ito sa mayordoma. “In the meantime, Manang, pakihanda ang dinner, please. Hindi pa po kami kumakain.”

“Opo, Sir.” Mabilis na umalis ang matanda para sundin ang utos ng bagong amo.

Naiwan silang nakatayo sa malawak na sala ng bahay habang sina-survey ang kanilang kapaligiran.

Si Joshua ang bumasag sa katahimikan. “Mukhang pinag-isipan talaga ng lolo mo ito.”

Bahagyang sumilip ng tingin si Jenny rito. Gusto niyang makita ang expression sa mukha nito na kaakibat ng opinyong binanggit. Hindi niya ito mabasa.

Bigla itong humarap sa kanya at nahuli siyang nakatingin. Hindi niya alam kung bakit pero nataranta siya kaya kaagad niyang ibinaling ang paningin sa ibang direksyon bagaman patungkol dito ang sumunod niyang sinabi. “Uhm... Joshua, I’m really sorry if this turned out to be more complicated than I imagined. I wouldn’t have forced you to marry me kung alam ko lang na ganito pala ang mangyayari.”

Naramdaman niya ang paghawak nito sa kanyang balikat as he urged her to face him. Hinawakan siya nito sa baba para itaas niya ang paningin dito.

“You did not force me. Jenny, dapat mong malaman na no one could force me to do anything I don’t want to do. Besides, it’s too late para magsisihan pa tayo,” sabi nito.

Parang may magnet na humihigop sa kanya sa tingin nito. Parang gusto niyang malunod sa mga mata nito. O kaya naman ay matunaw.

Dumako ang tingin ni Joshua sa mga labi niya and she noted a certain hunger in the way he was looking at her.

Bumilis ang kabog sa dibdib niya. It was as if....

“Handa na po ang pagkain,” anunsyo ng katulong mula sa entrada ng sala.

Kaagad silang naglayo.

“Come, honey. Let’s have our very first dinner in our very own little home,” sabi ni Joshua.

*Honey?*

Hindi alam ni Jenny kung makakakain siya dahil nanunuyo pa rin ang lalamunan niya mula sa katatapos lang na eksena sa pagitan nila, pero sumunod siya pa rin siya sa asawa patungong komedor.

---

Nang sumunod na araw ay naka-leave pa si Joshua. Nag-offer ito na samahan si Jenny sa pagkuha ng mga gamit niya sa dating tirahan dahil ang sarili nitong mga gamit ay inayos at ini-deliver na sa bahay sa pagtutulungan ng personal assistant nito at mga maids sa inalisan nitong family home bago pa man sila bumalik ng Pilipinas.

Nakatira siya sa isang two-bedroom unit condominium. Ang isang kuwarto ay ang bedroom niya at ang mas malaking room ay ginagamit niyang studio.

Pumasok siya sa silid na iyon kasunod si Joshua. Ang naroon na lang sa silid ay ilang piraso ng mga paborito niyang paintings. Karamihan sa mga nauna niyang gawa ay nabili na sa nauna niyang dalawang exhibits na ginawa sa gallery ng isang kaibigan sa Sta. Cruz, Laguna kung saan nagpi-feature ng mga bagong artists na tulad niya.

“Wow! This is great,” sabi ng lalaki mula sa kanyang likuran.

Humarap si Jenny rito at nakita ang pagkamangha sa mukha nito.

“It’s funny how little I know about you. Nagpakasal na tayo at lahat, I didn’t even know that you’re an

artist,” patuloy nito.

“Yeah.”

“I just assumed na—”

“I’m just a rich bum,” tinapos niya ang pangungusap nito.

Ngumisi ito. “Something like that.”

Lately, nararamdaman niyang may ibang epekto sa puso niya ang ngiti ni Joshua. Ngumiti rin siya. “Don’t worry, karamihan sa mga nakikilala ko, ganoon din ang iniisip about me dahil lang wala akong full-time job.”

Inilagay niya sa isang malaking kahon ang mga artist’s tools niya, mga brushes, palettes, mga tubo ng watercolor at oil para dalhin sa bagong bahay.

“Saan mo balak i-set up ang studio mo?” tanong nito.

“Uhm... kung okay lang sa iyo, gusto ko sanang gamitin ‘yung cabana malapit sa pool.”

He smiled indulgently at her. “Sure. I think that would be perfect.”

Tinulungan siya nitong mag-impake ng mga gamit niya at magbuhat niyon patungo sa kotse.

Inabot na sila ng gabi sa paglilipat at sa pag-aayos ng cabana. Natuwa si Jenny sa resulta ng pag-aayos nila.

“This is really nice,” komento ng asawa after surveying what they had done. “You turned this place into you.”

She felt warm sa compliment nito. “Thank you!”

Nagbuka ito ng bibig, anyong may sasabihin pa nang kumatok sa pinto ng cabana ang isang kasambahay nila.

“May nag-deliver po nito.” Iniabot nito ang isang brown envelope kay Joshua.

Binuksan ng lalaki iyon at inilabas ang laman. Bahagyang kumunot ang noo nito nang mabasa ang heading ng dokumento.

“What are those?” tanong niya.

“Uhm... divorce papers natin. I had it drafted by the lawyers.”

Natigilan siya. Divorce papers? Aanhin nila iyon?

Tila nabasa ang isip niya, nagpaliwanag ito, “Don’t worry. Ang nakalagay na dates dito ay two

years mula ngayon. Just a precautionary measure. Para walang matatali sa atin, just in case isa sa atin ang magbago ng isip after two years.”

“I see,” matamlay na sabi niya. Ito ang tunay na reality check.

*Great, Jenny! Great work. Wala ka pang three days na kasal ay nagsisiguro na ang napangasawa mo na hindi siya matatali sa iyo nang mas matagal kaysa kinakailangan. Fantastic.*

Nasaktan siya sa ideya. Pero nagpilit siyang ngumiti sa kabila ng di-inaasahang pakiramdam ng rejection.

Inilahad niya ang mga kamay. “Akin na, I’ll sign.”

Ito naman ang nagmukhang alanganin. “Okay lang, Jenny, you don’t have to sign this now.”

Nagkibit-balikat siya. “It’s okay. Narito na rin naman ‘yan, we might as well get it done and over with.” Inabot niya ang papel at ipinatong iyon sa isang work table. Hindi na niya binasa ang nakasulat doon, pinirmahan niya ang lahat ng kopya, pagkatapos ay ibinalik sa lalaki ang mga papeles.

“You didn’t even read them,” obserbasyon nito.

Tumalikod siya rito, kunwang may tinitingnan

sa canvass para hindi nito makita ang mukha niya. “It’s okay. I trust you.”

“All right. Thank you. Sige, dadalhin ko lang ito sa loob,” paalam ni Joshua.

Tumango siya.

Nang makaalis ito ay inabot ni Jenny ang isang brush. Absent-mindedly ay hinaplos niya ang dulo nito habang nakatingin sa isang blank canvass.

She took a deep breath. Hindi niya talaga inaasahan na masaktan sa akto ng pagpirma ng papel na dalawang taon pa mula sa araw na iyon ang validity. But there it was. Parang may nagbara sa kanyang baga at hindi niya ulit kakayananing huminga ulit nang maluwag.

---

“Good morning,” bati ni Jenny nang abutan ang asawa sa komedor nang sumunod na umaga.

Nakabihis na ang lalaki ng pang-opisina liban sa coat nito. Inangat nito ang tingin mula sa binabasang pahayagan para ngitian siya. “Good morning! Had a good night sleep?”

Nagkibit siya ng balikat at umupo sa harap ng dining table. “Di masyado. Namamahay pa yata ako.”

Umabot siya ng tinapay at tiningnan ito. “Ikaw?”

“I’m okay. Sanay akong matulog sa strange places. Magkakape ka ba?” tanong nito.

“Sige,” sagot niya.

Ibinaba nito ang diyaryo para ipagsalin siya ng kape.

Ininom niya ang mainit na likido nang walang asukal at cream, just the way she wanted it. Dalawang kamay ang hawak niya sa tasa.

“Ano’ng plano mo today?” nais nitong malaman.

“I’m going out to buy some flowers.” Kumagat siya sa tinapay at nginuya iyon.

Tumaas ang isang kilay ni Joshua. “Flowers?”

Nilunok muna niya ang kinakain bago sumagot, “Yup. This place needs flowers. It’s so drab.”

Joshua looked around him. Drab? Hindi yata iyon ang gagamitin nitong description ng bahay nila. As far as he could see, puwede na iyon pang-feature sa interior design magazine. Pero hindi ito nakipagtalo. “I see. Saan ka bibili ng flowers?”

“Sasamahan mo ako?” umaasang tanong niya.

“I can’t. May meeting ako ngayong umaga.”  
Ibinalik ng asawa ang atensyon sa diyaryong binabasa.

Her face fell. Oo nga naman. He was a busy man.  
Kung tutuusin, masyadong marami na ang panahong  
naiukol nito sa kanya.

Tumayo na siya. “Sige, una na ‘ko.”

Nagtaka ito. “You’re leaving already? Di ka  
masyadong kumain.” Napatingin ito sa tinapay sa  
plato niya.

“Okay na ‘ko, kasi pag tanghali na di na fresh ang  
mga flowers.” Dinampot niya ulit ang tasa. Inubos  
niya ang kape pagkatapos ay kinuha ang natitirang  
pandesal sa plato niya.

“Are you actually going out in those clothes?”  
pahabol ni Joshua nang palabas na siya ng komedor.

Tiningnan ni Jenny ang suot niya. Wala naman  
siyang makitang mali sa puti niyang tank top, pink  
thai pants at *Havaianas* flip flops.

“Oo naman. Bakit?”

“Nothing.”

Napapangitan kaya sa kanya?

“Pangit ba?” hindi niya napigilan ang sarili na

itanong.

“No. Of course not. Mukha kang artist,” komento nito.

*Ano kaya’ng ibig sabihin n’on?* Itatanong niya sana iyon kaya lang ay nakita niyang kinuha nito ang cellphone at nag-dial. Tinalikuran na niya ito at nagsimulang maglakad.

Nakarating na siya sa main door at hinawakan ang doorknob nang marinig niya ang tawag ni Joshua.

“Jenny, wait!” Lumingon siya. Nakangisi ito habang palapit sa kanya. “Sama ako sa iyo.”

“Ha? Pero paano ang meeting mo?” May lumuksong tuwa sa kanyang puso at ni hindi niya naikubli iyon.

“It’s okay. I called the office. There’s nothing that couldn’t wait until the afternoon.”

Siyempre, ang hindi nito sinabi ay nangangarag ngayon ang personal secretary nito para i-reschedule ang isang management committee meeting at dalawang company vice-presidents na kailangan sana nitong i-meet nang umagang iyon.